## PAANO ITO GAGANA?

Gagamitin ng mga guro itong bagong Balangkas sa ibat-ibang pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela, kasama na ang paalagaan ng pamilya upang matiyak na ang inyong anak ay nakakatanggap ng mga karanasang mataas ang kalidad.

Ang Balangkas ay may pananaw na nakatutok sa kapakanan at pag-unlad ng inyong anak Ang mga guro ay makikipagtulungan sa inyo sa pagkilala ng inyong anak, para makagawa sila ng isang programa na base sa mga kagustuhan at kakayahan ng inyong anak. Ang mga guro ay palaging magbibigay kaalaman sa inyo tungkol sa mga nangyayari at gawain na kalahok ang inyong anak.

Sa pamamagitan ng limang mga layunin sa pagkakatuto ng Balangkas, ang mga guro ay makakatulong sa inyong anak na magkakaroon ng:

- matibay na kamalayan para sa kanilang pagkakikilanlan
- mga ugnayan sa kanilang mundo
- matibay na kamalayan sa kapakanan
- paniniwala sa sarili at pakikisali sa kanilang pag-aaral
- mahusay na kakayahan sa pakikipag-usap.

## SAMA-SAMA SA PAGGAWA

Ang mga bata ay uunlad kung ang mga kapamilya, guro, paaralan at ang komunidad ay sama-sama sa pagsuporta ng mga kapakanan at pag-aaral ng mga bata. Sa sosyuhang ito, binibigyang- halaga ang mga tulong ng bawat-isa at aktibong magkakasama sa pagdedesisyon.

Bilang pinakamahalagang tao sa buhay ng inyong anak, makakatulong kayo sa pamamagitan ng regular na pakikipag-usap sa guro ng pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela ng inyong anak. Ang mga impormasyong ibinibigay ninyo ay nakakatulong sa mga guro na iuugnay ang mga karanasan ng inyong anak sa bahay, sa paaralan at sa loob ng komunidad habang sila ay nasa paalagaan ng mga nag-eeskwela. Ito ay nakakatulong sa pagtutulungan na pagdedesisyon ninyo tungkol sa mga karanasan ng inyong anak sa paalagaan.

## ANO ANG MGA SINASABI NG MGA BATA TUNGKOL SA MGA MAHAHALAGANG PALAGAY TUNGKOL SA BALANGKAS PARA SA PAG-AALAGA NG NASA EDAD NAG-EESKWELA

*"Talagang damdam ko na kasali ako dito dahil may oras para sa mga kaibigan, ginagalang ka ng mga kawani at maraming maaaring magawa"* ***Annabel, Edad 9***



## ALAMIN ANG MARAMI PANG IBA

Ang libritong ito ay isang pagpapakilala sa Aking Oras, Ating Lugar, Balangkas para sa Pag-aalaga Ng Mga Nasa Edad Nag-eeskwela sa Australya. Para sa dagdag na kaalaman, bumisita sa www.deewr.gov.au/earlychildhood o magtanong sa guro ng paalagaan ng edad nag-eeskwela ng inyong anak.

Ginawa ng Australian Government Department of Education, Employment and Workplace Relations para sa Council of Australian Governments.

FILIPINO

# Aking Oras, Ating Lugar

### Balangkas para sa pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela sa Australya

My Time, Our Place

Framework for School Age Care in Australia





## Impormasyon para sa mga pamilya

Isang bagong pambansang balangkas para sa pag-aalaga ng mga batang nasa edad nag-eeskwela

## TUNGKOL SA ANO ANG BAGONG BALANGKAS NA ITO?

Layunin ng balangkas na palaguin at parangyain ang kapakanan at kaunlaran sa pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela. Tinatanggap na ang mga bata ay nangangailangang makasali sa ibat-ibang karanasan sa laro at mga libreng oras na nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na makakaramdam ng ligaya, kaligtasan at kaluwagan. Kinikilala rin na kailangan nila ang oras na makipag-ugnayan sa mga kaibigan, makapagsanay sa mga kakayahang panlipunan, maglutas sa mga suliranin, sumubok sa mga bagong gawain at mag-aral ng mga kakayahan sa pamumuhay.

Ang pag-aaral ng mga batang nasa mga  pag-aalaga para sa edad nag-eeskwela ay karagdagan ng kanilang pag-aaral sa bahay at sa paaralan. Sa mga pag-aalaga sa mga nasa edad nag-eeskwela, binibigyan diin ang mga ugnayan at pag-aaruga sa mga kakayahan at kahiligan  ng mga bata.



## ANG LARO AT LIBANGAN AY MASAYA

Ang mga laro at libreng oras na mga karanasang pinili ng mga bata at sinusuportahan ng mga gurong nakakaunawa ay tumatangkilik sa pag-aaral at kapakanan ng mga bata. Ang kaligayahan, pag-asa at kaisipan tungkol sa pagsasaya ay mahalaga sa pang-emosyonal na kapakanan at kakayahang pakikibagay ng mga bata. Sa mga paalagaan ng mga batang nasa edad nag-eeskwela, ang mga bata ay aktibong kasali sa pagpili ng mga ibat-ibang ginagawa, na makakapagpaunlad sa kanilang mga kakayahan at pag-aasal tungo sa panghabang-buhay na  natututuhan. Ang mga bata ay maghahanap ng kanilang mga magkakaparehong kagustuhan at mag-uusbong ng kanilang pagkakaibigan bilang pagiging bahagi ng komunidad sa pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela.

Ang laro at libreng oras ay mahalaga sa mga bata. Sa pamamagitan ng mga laro at  ginagawa sa libreng oras, sila ay:

- nagkakaroon ng mga ugnayan sa iba
- naipapakita nila ang kanilang personalidad at pagkakaiba
- uunlad ang kanilang pagka-makulit, pagka-malikhain at ang mga kakayahan sa paglutas ng mga problema
- maiuugnay ang mga maagang karanasan sa habang-buhay na  natututunan
- magkaroon ng malay tungkol sa kanilang kapakanan

## ORAS AT LUGAR

Kami ay nakagawa ng Balangkas upang matiyak na ang inyong anak ay nakakatanggap ng mga mahusay na programa sa mga pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela. Ito ay mahalagang oras at lugar para sila ay maluwag, makapagkaibigan, makikisali sa personal na pag-unlad at magkakaroon ng mga kakayahan at pag-aasal para sa malusog na pamumuhay. Sa pamamagitan ng Balangkas na ito ang mga guro (ang tagapag-alaga ng inyong anak) ay magbibigay ng mga kapaligirang kawili-wili para sa mga bata at pamilya. Sila ay gagawa ng mga maganda at naibabagay na lugar na nakakasagot sa kapakanan at kakayahan ng lahat na mga bata. Pangarap ng Balangkas na lahat ng mga bata ay makaramdam ng kaligtasan at magkakaroon ng mga kawili-wiling mga karanasan. Ito ay magiging gabay ng mga guro sa pagbibigay ng mga karanasang base sa laro at libangan na siyang magiging mga pundasyon para sa panghabang-buhay na natututuhan.



Ang Aking Oras, Ating Lugar ay may pananaw na nakatutok sa mga bata bilang aktibong kasali at nakakapagdesisyon. Ang mga batang nasa mga programang pag-aalaga ng mga nasa edad nag-eeskwela ay binibigyan ng karapatang makapamili at may responsibilidad at dahil dito ay malalaman ang ugnayan ng mga gawa at naging resulta. Tinatanggap ng Balangkas ang  oras at lugar kung saan ang mga bata ay nakikitulong sa mga guro sa pagkakaroon ng mga gawain at kasanayan na mahalaga sa kanila. Ang mga guro at mga bata ay may paggalang at paniniwala sa isat-isa at nagtutulungan sa pagdedesisyon tungkol sa mga mapagkukunan upang masuportahan ang mga pangangailangan at kahiligan ng mga bata.